



\*\*\*\*\*

## BAHAW AT PANGARAP

ni: **EMERLYN C. ABRENICA**

Balik-paaralan na naman.

Sa kalsadang alikabok ay maririnig ang tawanan ng mga bata, ang kaluskos ng walis tingting, at ang maingay na halakhakan ng mga magulang habang sabay-sabay na nag-aayos ng mga sirang upuan at bumabaklas ng mga lumang dekorasyon sa silid-aralan.

Brigada Eskwela — panahon ng bayanihan. Hindi lang ito gawaing pisikal kundi damdamin din: damdaming sabay-sabay na inaasahang gaganda ang kinabukasan ng kanilang mga anak.

Si Amon, sampung taong gulang at papasok na sa ikalimang baitang, ay masayang nakikipaglaro sa kanyang kapatid na si Aemie. Pinapalo nila ang kahoy na tsubibo na gawa ni Tatay noong nakaraang taon — sira na ang isa sa mga gulong, pero masaya pa rin silang umiikot.

Sa kabilang kwarto, naririnig niya ang usapan ng kanyang mga magulang. May halong tuwa at kaba ang boses ni Tatay habang iniisa-isa ang mga kailangang bilhin: notebooks, lapis, bag. Narinig niya rin ang pangalang Tiyo Greg — kumpare ni Tatay na palaging tumutulong kapag gipit.

"Nagpatulong na naman si Tatay," bulong ni Amon sa sarili habang hinihigpitan ang yakap sa kanyang kapatid. "Dahil lang sa papel at lapis."

Unang araw ng klase.

Punô ng sigla ang paaralan. Mas makulay ang mga banderitas, mas maingay ang mga bata. Pero ang puso ni Amon ay may bahid ng bigat — iniisip pa rin niya ang utang na pasanin ni Tatay.

Ngunit nang makita niya si Felix, ang kanyang matalik na kaibigan, nabura ang lahat ng alalahanin.

\*\*\*\*\*

### Editorial Team

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

### Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,  
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,  
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*



\*\*\*\*\*

"Uy, Amon! Tingnan mo, bago 'tong lapis ko!" sabay abot ni Felix ng isang itim at gintong lapis.

Napangiti si Amon. Bumalik ang saya.

Sa klase, maraming bagong guro, bagong aralin, bagong upuan — pero iisa pa rin ang laman ng puso niya: pag-asa. Nakita niya ang mga mata ng kanyang mga guro — mahigpit ngunit may halong malasakit. At sa huli ng araw, sabay-sabay silang naglinis ng silid-aralan. May pagod, pero mas marami ang halakhak.

Pagdating sa bahay, sinalubong siya ni Aemie na abala sa pagtapos ng isang 30-pirasong puzzle. "Tulong, Kuya!" sigaw ng bata.

Nakangiting tumulong si Amon.

Pagkatapos, sabay silang kumain ng meryendang bahaw na sinabawan ng kape at pritong itlog — simpleng pagkain pero may kasamang pagmamahal.

Habang ngumunguya, bigla siyang napatanong,

"Nay, bakit pa po ba kailangan mangutang si Tatay? Pwede naman po akong manghingi ng mga gamit kay Felix."

Tumigil saglit si Nanay sa paghuhugas ng pinggan, sumulyap, at ngumiti, "Huwag mo nang alalahanin iyon, anak. Ang mahalaga, nag-aaral ka nang mabuti."

Kringgg. Kringgg. Tunog ng lumang cellphone ni Nanay.

Sinagot ito ni Nanay habang may sabon pa ang kamay.

Mula sa kabilang linya ay tinig ng adviser ni Amon:

"Nanay, nais ko po sanang ipaabot... napili po si Amon na maging iskolar ng paaralan. May buwanang tulong pinansyal po para sa kanyang pag-aaral."

Hindi agad nakaimik si Nanay. Napaupo. Napangiti.

\*\*\*\*\*

## Editorial Team

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

## Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,  
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,  
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*

# INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue I

August 2025

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



\*\*\*\*\*  
Pagkakain, ibinalita ito kay Amon. Muling lumiwanag ang kanyang mga mata.

"Nay," sambit niya, "ipambayad po agad natin kay Tiyo Greg. Para po hindi na po mahirapan si Tatay."

Tumango si Nanay. Walang salitang kayang pantayan ang galak sa kanyang puso. May luha sa kanyang pisngi — hindi dahil sa lungkot, kundi sa tuwang may kasamang pag-asa.



\*\*\*\*\*

## Editorial Team

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

## Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,  
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,  
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*